**Democracy Voucher Program**

Ang Democracy Voucher Program ay pinangangasiwaan ng Seattle Ethics and Elections Commission.

Matuto pa tungkol sa programa at humanap ng mga kalahok na kandidato sa:

**www.seattle.gov/democracyvoucher**



አማርኛ • العربية • ខ្មែរ • 中文 (繁體) • 中文 (简体)
**Filipino/Tagalog** • 日本語 • 한국어 • ລາວ
**Oromoo** • **Русский** • **Soomaali** • **Español** • ไทย
ትግርኛ • **Українська** • Tiếng Việt

Maaari kang humiling na magkaroon ng iyong Democracy Voucher sa iyong gustong wika sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa (206) 727-8855 o democracyvoucher@seattle.gov.

### Mga Akomodasyon

Kapag hiniling, magbibigay ang Seattle Ethics and Elections Commission ng makatwirang kaluwagan para sa mga indibidwal na may mga kapansanan upang makatulong na matiyak ang pag-access sa mga programa.

### I-follow kami sa social media

@democracyvoucher @sea_elections @democracyvoucherprogram

**MAHALAGA ANG BOSES MO.**

# Gamitin ang iyong Democracy Voucher sa 2023 Mga halalan sa Seattle.



**City of Seattle**

Tagalog




## ANO ANG MGA DEMOCRACY VOUCHER?

Tumatanggap ang mga residente ng Seattle ng apat na $25 na voucher na ginamit upang suportahan ang mga kandidato na tumatakbo para sa Konseho ng Lungsod ng Seattle.

### Paano ako kukuha ng Mga Democracy Voucher?

Kung isa kang rehistradong botante sa Seattle, awtomatiko kang makakatanggap ng Democracy Voucher sa pamamagitan ng koreo. Hindi **mo** kailangang maging isang rehistradong botante para magamit ang Democracy Voucher.

Ang mga residente ng Seattle na hindi bababa sa 18 taong gulang at maaaring isang mamamayan ng U.S., nasyonal ng U.S., o legal na permanenteng residente ("may green card") ay maaaring mag-aplay para makatanggap ng mga voucher sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa aming opisina.

### Kanino ko maaaring ibigay ang mga Democracy Voucher?

Maaari kang magbigay ng isa o higit pang Democracy Voucher sa mga kandidatong nakikilahok sa programa. Maaaring ibigay ang Democracy Voucher sa mga kandidato ng Konseho ng Lungsod ng Seattle sa loob o labas ng iyong distrito ng konseho.

Hanapin ang updated na listahan ng mga kandidato sa aming website.

**Pangalan ng kalahok Kandidato**

## MAY EPEKTO ANG IYONG PAKIKILAHOK.

Nagbibigay ang Democracy Voucher Program ng pampasigla sa mga residente ng Seattle na lumahok sa mga lokal na halalan at binabawasan ang mga hadlang sa pagtakbo para sa opisina sa pamamagitan ng pagbibigay ng pampublikong pinagmumulan ng pagpopondo.

### Mula nang magsimula ang Democracy Voucher Program:

Ang bilang ng mga residente ng Seattle na nagbibigay sa mga kampanyang lokal ay nagtriple.

68% ng mga kandidato ang lumahok sa programa.

Namahagi ang programa ng mahigit $7 million sa mga kampanya sa Seattle.

## MATUTO NANG HIGIT PA. MAKIALAM.

**www.seattle.gov/democracyvoucher**

## MGA MAHALAGANG PETSA

**PEBRERO 21, 2023**
Unang ginawang available ang Democracy Voucher.

**AGOSTO 01, 2023**
Pangunahing Halalan

**NOBYEMBRE 07, 2023**
Pangkalahatang Halalan

